freedom, at nagkaroon ng mga sagka sa malayang pagpapahayag ng UP ng kanilang mga puna, at paggamit sa mga nagaganap dito sa Unibersidad. Maging ang Philippine Collegian na kumakatawan sa malayang pagtalakay sa mga usaping panlipunan at pampamantasan, napigil ng pagdeklara ng Batas Militar, sa loob ng tatlong linggo bagaman nakalalabas pa ito noong pasimula. Dinanas din nito ang pagpapailalaim sa mga gurong tagapayo na nagpahintulot ng mga espasyong nagsabing "This editorial has been censored." Nahaharap din ang pahayagan sa usapin ng kalayaang mamahala sa kanyang sariling pondo.

Masasabing sa lahat ng ito, makapangunguna pa rin ang suliranin ng hindi umano pagiging demokratiko ng paraan ng pagpili ng unibersidad sa kanyang mga mag-aaral. Bagaman hindi ito tumitingin sa kasarian at iba pang sukatan, hindi maikakailang naging at nagiging hadlang ang kalagayang pinansyal ng mga kabataan sa tuluyan nilang pag-aaral

dito sa unibersidad.

Ngunit hindi kailangang hintayin ang katirikan ng araw upang masilat na hanggang dito na lamang ang pang-aalipin ng ganitong kalagayan. Hindi naglaon ay kinilala na rin sa pamantasan at sa lipunan ang UP bilang hulmahan ng kinabukasan ng bayan, at kasabay nito ang pagbago sa kanyang kinaumagahan.

Bagaman umaasa pa rin sa mga banyagang texto ang ilang mga kurso, nakatatak na ang UP sa pagpapatunay na ito nga ang Unibersidad ng Pilipinas sa pamamagitan ng pagpasok ng makabayang mga layunin sa mga kurso nito at pakikibahagi nito sa pagpapayaman ng ating wika at mga babasahin sa iba-ibang larangan.

Sa usapin ng pamamahala rito, patuloy man ang banta ng muling mga panghihimasok, pinatunayan ng UP na kaya nitong tumindig at magbigay ng sariling panig sa nagaganap sa higit na malawak na lipunan, gaya ng ginawa nito nang isailalim ni Arroyo ang bansa sa isang state of emergency.

Nabigyan na rin ng karapatan ang mga

mag-aaral at mga guro na magkaroon ng sabi sa pagpapasiya sa UP, bagaman nananatiling walang kinatawan ang iba pang manggagawarito. Buhay na rin ang mga institusyong pang mag-aaral gaya ng University Student Councils, na hindi rin napahintulutan noon.

Lumawig na rin ang sakop ng academic freedom sa UP. Sinasabi man sa desisyon ng Kataastaasang Hukuman na saklaw lamang nito ang karapatan ng mga guro sa ganitong kalayaan (nang may tiyak na mga hangganan), kinikilala na ng unibersidad na ang mga mag-aaral ang tunay na pinatutungkulan ng ganitong karapatan. Wala na rin ang gurong tagapayo ng Philippine Collegian, at patuloy itong kinikilala sa buong bansa sa malayang pagtukoy nito sa mga suliraning kinakaharap ng UP at lipunan, gaya ng kahirapan, katiwalian, at kawalang katarungan, at ibinibigay ang kanilang pinag-uugatan at magiging kalutasan. Sa pagpili ng mga mag-aaral, ipinasok na rin ang katayuang pinansyal bilang batayan, na kumikiling sa higit na nangangailangan.

Sa pagpasok ng unibersidad sa ika-sandaang

taon nito, at pagsulong pa sa ikalawa, nananatili ang mga hamong kakaharapin nito.

Hindi nawawala ang hamong maitatak sa mga nagsisipagtapos ang paglilingkod sa bayan matapos ang pag-aaral sa tulong ng buwis ng mga mamamayan, na kasalukuyang pinasubalian ng kanilang pangigingbang-bansa. Gayundin ang hamong mapunan ang mga kakulangan ng pondo, at bilang bunga, ng mga pasilidad; suliranin itong nagtulak sa BOR na pahintulutan ang pagtataas ng matrikula, sa kabila ng malawakang pagtutol dito. Higit sa lahat, ang pagpapakita sa nakalalaking lipunan na umiiral ito para sa kanyang kagalingan, sa tulong ng mga gawain nitong pagtuturo, pananaliksik, at mga extensyon.

Pagkat bagaman bawat araw, humahantong sa gabi, hindi naman pinapawi ng gabi ang pagsulong na nakamit sa kaliwanagan, gaya ng ginawa ng ating pamantasan sa nakaraang isandaang taon. Hindi palalamon sa dilim ang naabot na pakikiayon sa mga hamon ng panahon at kasaysayan, na dadalhin ng UP sa kalaunan. ■

## 4 timeless ideals

**VICTOR GREGOR LIMON**  
2nd year, BA Political Science

**T**O COMMEMORATE THE PAST IS NOT just to celebrate the passage of time and to wistfully recall the triumphs of history. It is also to reaffirm our commitment to the advocacies that are timeless and uncompromising to the challenges of time.

In 2008, in its celebration of its centennial anniversary, the challenge that UP faces is to remain steadfast in its pursuit of academic excellence and its liberal and egalitarian tradition, not merely because UP must be averse

to change, but also because these ideals will simply remain true even after, say, another hundred years of history.

For UP's endurance is too great for a mere century. It is then the anticipation of the bicentennial mark—and, indeed, of the future—that should also guide us when offered by often tempting but perilous options presented by change.

It is in this sense that the ongoing debate on the tuition fee increase (TFI) is afforded a significant viewpoint. This policy not only throws history out of the window. It also makes the prospects of the future more dismal.

While President Roman has not been shy of

admitting that the revenues from this scheme, amounting to almost Php 80 million, will make UP less dependent on the meager budget that the government allocates to UP every year, she maintains that her administration will continue to lobby for greater state subsidy.

But it is easy to see that these intentions, however apparently noble, run contrary to each other. UP's call for greater state subsidy is grounded on the assertion that the government must carry the burden of financing UP education. The TFI scheme allows UP to share this burden, unnecessarily since public education, however tight national fiscal policy might be, must never be compromised.

More importantly, the scheme demolishes our hope for greater state subsidy in the future; the TFI has taken care of giving proof that UP can survive without sufficient budget allocation by relying on alternative source of funds, such as tuition revenues.

The present fiscal woes in UP clearly call for appropriate action, but this action must not compromise the future for the sake of changing the harsh realities of the present. Timeless ideals must not bow down to the pragmatics of survival. We must bear this in mind as we celebrate the centennial of UP next year, and as we look forward to another century and more of history. ■

## 5 a revolution of the heart

**JEFFREY RODEN**  
4th year, B Laws

**W**E NEED A REVOLUTION OF the heart.

At a time of immense political tension, of continuing economic unevenness, and of widening social inequality, one thing has become clear: the country direly needs a new plan to move the Filipino people towards the uncharted waters of the future. And on the event of the University of the Philippines' bicentennial beginning, the country's premier state university is called upon to draft this plan.

This need is accentuated by the bankruptcy of the status quo strategy, and the obsolescence of the alternative strategy presented by the Communist Party of the Philippines (CPP). Both are failures. The *status quo*, represented by the Macapagal-Arroyo administration has merely perpetuated the permeating social cancer exposed by Dr. Jose Rizal in *Noli Me Tange-re*. On the other hand, the people's protracted war strategy of the CPP-NPA has merely protracted the suffering of Andres Bonifacio's descendant classes: the peasants and workers. Yes, Mr. Sison, what was revolutionary in 1968 has descended to destructive dogmatism in the present time – an oxymoronic conservatism of the Left. Let us thus reexamine.

From the theoretical standpoint, the coun-

try's contemporary situation can be explained as a taxing function of the violent contest for power between the ruling political elites, on one hand, and on the other, the revolting leftist elites. Both schools utilize violence as the paramount, if not solitary, methodology to win the power discourse. The theoretical debate is therefore between the Establishment's *Theory of Bureaucratic Militarization* and the Left's *Theory of Revolution through armed struggle*. Not incidentally, however, both discourses are formulations of UP students.

The empirical evidence is damning. Ever since Mrs. Macapagal-Arroyo assumed power in 2001, the President's record of human rights violations (never mind the Marcos dictatorship) – more than 800 political killings – leads us to the inevitable conclusion that she is hell-bent on one thing: use violence to stay in power. As for the Reds, from their revival in 1968, they have been hell-bent on another thing: use violence to capture power. This is why, notwithstanding the 1986 People Power revolution, they are both trapped in their theoretical past. And we in our empirical present.

Yet both are founded on the same fundamentally erroneous assumption; that is, that power, and through power alone, will we attain progress and move the Filipino people to march towards their collective future. This error must be corrected now.

It is to be borne in mind always that no nation was built in one day. Every nation is the

offspring of a long and often painful process of evolution. But the most powerful societies today are those whose founders had the vision to sacrifice in their present to secure the welfare of future generations. For the greatness of a society, of any nation, can only be secured when old men are willing to plant seeds whose shade they know they will not be able to sit under.

The answer to the question of nation-building, therefore, is neither the elections salivated by the ruling political elites, nor the armed revolution espoused by the Reds. The answer is generation. For even if we elect the most intelligent leaders, if the hearts of the people are fixated with dreams of going to distant lands we will still not attain progress. And even if the armed revolution is won today, if the minds of the Filipino masses are not equipped with education we will not be in heaven tomorrow.

The lasting and effective solution to our present ills is really the emergence of an entire new generation of Filipinos whose hearts bleed for their country's future. We require a clear break from our old values – a revolution. And as the premier state university, we are called upon to produce a generation of lawyers who will not perpetrate lies but will instead advocate for the oppressed and the helpless, of doctors who will not take up nursing but will stay to cure the country's sickness, of engineers who will build roads not potholes, of business-

men who will spawn development enterprises and not pursue profit for profit's sake, and of teachers who will educate the young not make customers of them. We need a new set of leaders who are willing to be first followers; who are not drunk with the orgasm of power but will instead drink the passion for serving.

It will take many painful years, indeed many generations, to build a prosperous nation and a progressive civilization. Yet this is precisely how diamonds of nations are made – thru the punishing furnace of time and pressure. There are no shortcuts. We must learn the principle of dying for the country everyday. We must indeed die of our old values so that his country, regenerated by the sacrifices of the young, may one day rise up on its feet.

We must learn to die for the country no longer through armed revolution or bureaucratic militarization. Instead, we must learn to embrace sacrifice by dedicating our hearts to the pursuit of national excellence and perseverance in the discharge of our individual roles and responsibilities, as our part in the larger task of nation-building. This we must do on a daily basis.

As we see the dawn of our second century, we, the community of scholars that is the University of the Philippines, must plant our hearts in our native land, so that by the grace of the Lord Almighty, the soil may yield fruit once more.

Yes, we need a revolution of the heart. ■

## Cumming soon

LUIS MATULIS

SA DILIM NAGAGANAP ANG LAHAT NG pagpanasa ng tao.

Sa isang karaniwang lugar sa Maynila, isang dating sikat na teatro ang ngayo'y sinehang third-rate. Ngunit hindi ito pinupuntahan para sa mga pelikulang pinapalabas dito. Walang pakialam ang mga pumapasok dito kahit double program ang ipinalalabas. Murang-mura ang lugar para sa pagpaparaos na P30 lang na tiket. Kahit sino'y puwede rito. Pinapayagan ang mga nakatsinelas at mga nakasapatos, mga nakasando at nakapolo't bestida.

Mula sa isang sulok ng balcony, nagsasayaw ang mga aninong nagkatawang-tao. Pumasok ang babae at ang lalaki kaninang alas-sais. X-Men 2 ang unang palabas, Sa Kama Sutra 3 naman ang ikalawa. Ang una'y pampainit lang, ang huli ang main attraction.

Nagsimula nang maglaban sa pelikula sina Professor X at Magneto. Inangat niya si Professor X at tinapon sa malayo. Kumilos na rin ang babae at ang lalaki. Naglaban na ang kanilang mga labi. Nag-eeskrimahan ang mga dila. Nagpaparaya sila sa isa't isa. Kinakalmot siya sa likod ng babae. Mariin.

Walang sasaway sa mga tulad nila. Walang flashlight na panakanakang nagmamatayag. Isang batas na dapat sundin sa ganitong sineha'y kailangang magdala ng diyaryo at isapin sa upuan. Marami sa mga upua'y wasak na ang upholstery. Malagkit din ang sahig.

Iilan pa lang ang nasa balcony. Pero mamayang alas siyete'y dadami na rin sila. Kadalasa'y magkakapares: babae at lalaki, lalaki at lalaki, babae at babae. Pero ang bawat pares ay walang pakialam sa kalapit nila. May nakatungo ang mga ulo sa kanilang katabi. May mga nakasandal at nakatitig lang sa palabas. Sari-sariling pagod, sari-sariling trabaho.

Kumalas ang dalawa sa isa't isa. Binuksan ng babae ang polo ng lalaki. Hinagkan siya't kinagat-kagat ng babae sa matipunong dibdib nito. Hinahagod ng kamay ng lalaki ang buhok ng babae.

Kama sutra na ang nasa screen. Dumarami na rin sila sa loob ng sinehan. Kanya-kanyang hanap ng maupuan. Nagsimula na'ng aksyon ng main attraction. Lumapit na si King Raj kay Maya. Nagpaubaya na siya sa gusto ni Maya. Nagpaubaya rin ang lalaki sa babae. Pareho na silang pinagpapawisan. Magkadikit na ang kanilang mga katawan. Nakakapit ang babae sa kanilang kinaupuan. Impit ang kanilang ungol. Napapapikit sila sa bilis ng pangyayari.

Lumabas na sa screen ang credits. Lumitan na sa loob. Nagmamadaling nagbihis at umalis ang mga naging kalahok sa sinehang ito. At silang dalawa, nangako sa isa't isang hindi rito natatapos ang kanilang kuwento. ■

## FutureSex/ LoveSounds

JUSTIN TINKERLAKE


THAT IT WASN'T REALLY THAT INTERESTING, it was just something to do. The Array was a big thing, and people were making a lot of credits selling all sorts of stuff in their Casts. My own Receiver had all sorts of control settings in it, parents you know, but Malcolm managed to disarm them by introducing some sort of a probe into the system that made it believe I was just browsing through the Bulletins when what I really did was exploring the Underside accounts, where all sorts of nasty stuff can be found – and bought. Jane said that in the border colonies, security was much leaner and you can do almost anything in the Array and not get caught. I've lived here all my life so I wouldn't know if it was true. She was the one who introduced me to the more exotic places in the Array – and the pleasures of holo technology.

Holo was one of the most significant innovations of the last century. Carefully programmed photons can become anything corporeal depending on the configuration of its matrices. It wasn't long after it was first marketed all sorts of nasty businesses sprouted up – most remarkably the prostitution dens. For the right amount of credits, you can fuck anybody you want, as long as you have their bioscans. Celebrities and politicians were the primary target, but soon, it became a free for all industry.

The convergence of holo technology and the Array provided even more opportunities for nastiness. Back then, people talked dirty and looked at pornography on the internet. Now, people took bioscans of others, programmed them in the holo, and offered them for rent on the Array. Quite lucrative, actually. Malcolm boasts of having fucked thirty-one celebrities already. Jane and I settled on downloading sceneries and situations where we could screw our brains out.

The Alliance started a crackdown almost immediately, but by then, the holo and Array technologies have become so important to trade and communications that they couldn't restrict access. Encryption programs were broken mere hours after they were enforced.

Last night, Jane talked me into joining Malcolm in one of his fucking sprees. I said yes, and now I'm with seven other girls, naked and bent over a boudoir. Out of the corner of my eye, I spied one behind me who was more aggressive than the others. I couldn't see her face, but I felt her hands reach out from under me. I tilted my head slightly and noticed that she had the same haircut I had a few months ago. As she grasped my shoulders to turn me around, I began to see more of her face – the familiar curve of the ears, the cheekbones, the eyelashes. I gasped in horror as she smiled and started to press her lips, *my lips* – ■



o kung saan man abutan ng libog, o kung bakit ba bawal ang natural, o dahil nakakaumay na rin kung minsan ang mga detalye, o kung bakit kailangan pang pag-usapan kung pwede namang gawin na lang, anytime anywhere anything under the sun

## Ambidextrous

MONKEY BOY

Dear Husler,

WHACKING OFF HAS BCOME d high point of my days. I have few friends, I'm not nvolved wid anybody, and I don't go out much. D word intersting 4 me is defined as either (a) acquiring rare items in online games; (b) Stargate · SG1 season finales; (c) going 2 d comic bookstor; or (d) gawking at trafic disputes.

Dis is my daily routine: I wake up @ 6, make coffe, beat off n the shower, get dressed and go to work. After punching out, I head directly for homr, pop in a microwaveable dinner, feed my dog Brutus and turn on the telly. At around 9pm, I retreat to my room, strip to my underwear, fire up the compute, search for porn and go to town. I have becom quite adept at using d computer with only one hand.

I was twelve when I stated to beat my meat on a regular basis. It was also around that time that I dscovered my fathers porn stash, hidden under the attic floorbord. I sneaked around for awhile until I got my own VCR when I was fourteen. Id stay up late at nihtg, climb up the attic, pick a videtape, lock up my room and jerk off like crazy. I'd do it four, five times a day and not get tired of it. I keep a lot of tissues and flush the evidence down the toilet. As far as I know, Ive never been caught.

I've had my share of sexua relationships in colege, but even then, I never got tired of my favorite hobby. I'd still spank the monkey even after a weekend sex binge. I spent a ridiculou amount of mpney on porn, and I still do. I have a drawer full of it. From deep throat to the da vinci load, I've seen it all. Of corse, my favorite is the barely legal series

This is it 4 me an I hope you publishes my letter. I also hope to meet frenchie and regina someday. Theiry my favorites.

Monkey Boy

PS Im sory bout the typos, my other hand s busy doing somthing else ■

## The more, the merrier

PAUL CHRISTIAN DIAZ

AS I FINISH CHECKING THE LAST OF the exams, I peek at the clock on my desk. It's almost nine. I gather my things and prepare to head home. The Katipunan station is packed. As usual. As the train doors hiss open, bodies find their way inside the coaches.

In Anonas a guy in a spotless white nursing uniform gets on, and, for some reason, I am transfixed. No, it is not love at first sight. There is something giddily familiar about him. I know with certainty that I have seen that face somewhere, its contour, the way his nose juts from his face. Where, I can't remember. When the train reaches Cubao, I am still wrestling with memory. The uniform tells me he couldn't be a former student. And I don't have a lot of friends outside my *advanced* age group. Then it hits me. His watch, that scandalous neon green plaything.

I'd know that watch anywhere. It was one of those countless, routinary affairs. As a veteran of Manila's orgy circuit, I can't be expected to remember where or when or which one. One fuck's like the next, more or less.

It was a drizzly morning, I think. The hotel room's lights were on for less than five minutes, leaving no room for introductions. This is no party or gentle get-together with conversations and coffee. That's what I saw him. He was wearing the same uniform, laughing nervously. It was, I was to learn later, his first time.

Someone flicked a switch and darkness flooded the room and it was utterly, utterly silent. Most bodies headed for the bed or couch, some descended to the carpeted floor, while others made use of the wall like no painter would. Bored, I let a pair of hands guide me toward the bed. Another fumbled for my belt, another lifted my shirt and fondled my chest. A tongue grazed my right eye as if it were lips. In the dark, my eyes spotted a little neon green shape moving rhythmically a few feet away. It was him. He never took off his watch.

When the train reaches my stop in Pureza and grinds my reminiscences to a halt, he is gone. Very uneventful. There is a reason, perhaps, why these things are done in the dark. Or why bodies have to be faceless. Or why we have to exit the hotel one by one. Or why we have to pretend to not know the others when we see them *outside* in the future. In the dark inhibitions are left at the door. There is no sneering. There is no scorn. ■

## Diliman after dark

PEPE D. KALAKIHAN

SIKAT DATI ANG UP BILANG ISANG SEX spot. Sa dami ng masukal na lugar dito, kahit di ka taga-UP ay maengganyo kang dito magparaos. Dinarayo ito ng mga magkasintahan—ang mga walang pang-motel, ang mga di puwedeng mag-uwi ng karelasyon sa bahay, o ang mga may gusto ng extra thrill. Kami ng kasintahan ko, pumupuwesto sa paborito naming puno sa lagoon. Kahit na malamok, ang pagkasukal ng mga halaman dito ang naghihiwalay sa amin ng kasama ko sa marami parang nagkakalusugang pares sa paligid.

Nabulabog nga lang ang katahimikan sa lagoon nang biglang magkaroon ng mga tanod. Minsang tinamaan ng ilaw ng flashlight ang mukha ko. Isa-isang naitaboy ang mga pares mula sa kani-kanilang mga sulok. Ayokong mang nakikipaglampungan sa lugar na hindi masyadong tago, napilitan kaming lumipat ng kasama ko sa Sunken Garden nang mga sumunod na gabi.

Noong madalas tumambay dito ang barkada ko sa highscool, may mga nadadaan akong mga malilikot na mga anino na napapatigil kapag napapalapit ako sa kanila. Kapag maliwanag ang buwan, binibilang ko kung ilang pares ang narito. Kapag maular naman, dumaragdag kami ng kasintahan ko sa bilang. Ngunit kapag pumapatak na ang alas-diyes, isa-isa rin itong nababawasan. Nilalapitan kami ng SSB at pinapalis habang nagkakandaranta sa pag-aayos ng aming mga sarili.

Mula nang magka-curfew noong 2005, ipinaparada ko na lang ang kotse ko sa AS parking lot. Umaasang doon, walang mangan-gahas na umistorbo. Nakahanay ang van ko sa mga nakapark na kotse ng mga night joggers sa UP. Pero minalas na naman yata kami nang minsang kumatok ang mga rumorondang pulis sa van. Bistado. Muntik na kaming hulihin, pero sabi ng pulis, multa na lang daw. Wala kaming nagawa kundi magbigay.

Sinubukan naming magpakalayu-layo. Doon naman kami pumunta sa mala-parang na tereyn sa University Avenue. Marami-rami rin pala ang umaantabay doon sa gilid-gilid ng Quezon Hall. Bali-balita noon na dinaragsa raw ng mga callboy ang UP. Marahil, di na nagkakasya sa Quezon City Circuit ang mga pumapasok sa prostitusyon. Lagi akong may napapansing mga nakatayo mula sa malayo at tinatanaw-tanaw kami ng kasintahan ko sa gitna ng tinatawag na 'golf course'. Minsan nga, may lumalapit na parang gustong sumali. Buti na lang dumating ang guard ng kalapit na gusali. Pinaalis niya kami dahil sakop daw iyon ng binabantayan niya.

Ngayon, hindi na kami nakagagala sa UP kapag gabi. Wala na yatang madilim na sulok sa UP ang kahit papano'y hindi tinatamaan ng pailaw ng Acad Oval. Lubhang naapektuhan ng mga safety measures ng UP ang sex life ko. Dahil sa curfew at mga SSB, pahirapan na makapaghanap ng lugar kaya tuloy di na rin ako basta basta makapagparaos sa mga gabing nangangati. ■



**\*  
BOLITAN**

*Sa harap ng mabilis na kumpas ng modernisasyon, mainam na napananatili ng mga Ifugao sa komunidad ng Mompolia, Ifugao ang kanilang kultura. Ipinapasa nila sa bagong henerasyon ang tradisyunal at payak na paraan ng pamumuhay habang mariing ipinamumulat ang pagtutol sa pagpasok ng komersyal na establisyamento sa kanilang pamayanan. Sa kabila ng kakulangan ng pagpapahalaga ng gobyerno sa kultura ng mga katutubo, tulad ng mga Ifugao, patuloy nilang ipinaglalaman ang integridad at yaman ng kanilang kultura.*

\* "Pamana" sa wika ng mga Ifugao



MGA KUHA NINA  
PIYA CONSTANTINO  
AT ALANAH TORRALBA  
DISENYO NG PAHINA: KARL CASTRO



**"INTANAP"**

Si Intan ang apat na taong gulang na anak ni Zenaida Hangdaan. Rinehart Hangdaan ang Kristiyanong pangalan ni Intanap ngunit siya ay mas tinatawag na Intan, ang kanyang Ifugao na pangalan. Si Intan ay nag-aaral sa Poblacion West Daycare sa Lagaue, Banaue na mahigit isang oras nilang nilalabay mula sa Mompolia. Matarik at maputik ang daan patungo rito kung kaya mula Lunes hanggang Biyernes tumitira ang mag-ina sa isang boarding house na malapit sa paaralan.



**TATLONG HENERASYON**

Sa tradisyunal na pamilyang Ifugao, nananatili sa komunidad ang panganay na anak. Siya rin ang karaniwang nangangalaga sa kanyang mga magulang sa kanilang pagtanda. Sa paraang ito, kasama na ring naipamamana ang kanilang kultura at paraan ng pamumuhay. Sa pamilyang Hangdaan, bagamat si Manang Zeny ay bunsong anak ni Lola Antonia, siya ang nagpatuloy ng tradisyon ng pagkalinga sa mga nakatatanda.

**SARILING ANI**

Matapos magtahip, pinipilian ni Manang Zeny ang bigas na mula sa sarili niyang bakuran. Sa tradisyunal na sistema ng pamana ng mga Ifugao, ang panganay ang siyang nakapipili ng ari-arian na mamanahin. Susundan ito ng mga nakababata niyang kapatid. Si Manang Zeny ang bunso sa apat na magkakapatid, kaya ang napamana sa kaniya ay kapisang lupain lamang kung saan siya nakapagtanim ng palay na sapat lamang sa pangkain ng kaniyang mag-anak.



**HAPUNAN**

Ang mga Ifugao ay may payak lamang na paraan ng pagluluto tulad ng pagpapakulo at pag-ihaw. Inihahanda ng isang binatang Ifugao ang pato na ihahain sa hapunan.



**SALU-SALO**

Tinutulungan ni Intan si Manang Apolonia na ihanda ang mga lutuuing gulay para sa hapunan. Sa kanilang maliit na komunidad, kapag nagluto ang isang pamilya, kadalasang nagsasalo na rito ang lahat.



**APO**

Alinsunod sa kulturang Ifugao, si Intan, bilang panganay na anak ni Manang Zeny, ang magmamana hindi lamang ng kanilang bahay kundi pati na rin ng kinasanayang pamumuhay ng kanyang ina, lola, at ng iba pang naunang henerasyon sa kanilang angkan. Bagamat malakas ang ugong ng nakaambang modernisasyon, si Intan ay nananatiling napalilibutan ng mga taong patuloy na nagpapahalaga sa kanilang kultura.

**P**ABUGSO-BUGSO ANG ULAN SA probinsiya ng Sorsogon. Bagaman umiinit minsan, walang puknat ang pagsampal ng hangin sa niyugan. Dulo na ng Pebrero, pero alanganin pa rin kung mananatili ang taglamig, o kung sasapit na ang tag-araw. Gayunman, sa lugar na ito, tulad marahil sa bawat lugar ng Pilipinas ngayon, ang tunay na lagay ng panahon ay di makikita sa lakas ng hangin, sinag ng araw o temperatura. Nakapaskil ito sa mga dingding. Nakasabit sa poste't puno. Nakabuyang-yang sa kalsada.

### *Panahon na ng eleksiyon.*

**S**AMANTALA, SA KABUNDUKAN NG probinsiya, malayo sa makukulay na karatula't bandera na nakaladlad sa haywey, abala rin ang rebolusyonyong kilusan. "Paligsahan" man ng tinaguriang mga "naghaharing uri" ang eleksiyon sa lipunang Pilipino, batid ng naturang kilusan ang pangangailangang ipamalas ang "pampulitikang kapangyarihan" nito sa panahong ito. "Bulok" man ang sistema at walang makabuluhang pagbabago ang mapapala ng bayan sa halalan, desidido ang mga rebolusyonyo na gamitin ang pagkakataong ito para lalong makapagpalawak ng hanay, makapagpasulpot ng rekurso para sa rebolusyon.

Isa si Ka Sergio sa mga itinalaga ng naturang kilusan sa mga gawaing may kaugnayan sa "burgis" na halalan. At bagaman sa gitna siya ng gubat nakadestino, kaliwa't kanan ang appointment niya. "Ang ibang pulitiko, matagal nang nakipag-usap sa akin, noong nakaraang taon pa," pagtatapat niya nang kapanayamin ng PINOY WEEKLY. "Pero marami pang dapat kausapin."


Halos 390 ang kandidato sa Sorsogon tuwing halalan. Mula gobernador hanggang sa mga opisyal sa munisipalidad. Halos lahat sila, ayon kay Sergio, ay nagkukumahog na makipag-usap sa kilusan.

### *'Hindi simpleng permiso'*

**"D**ALAWA ANG TAKTIKA NAMIN SA paglahok sa eleksiyon," paliwanag ni Sergio. "Una, ang paglalantad sa kabulukan ng eleksiyon. Nagagawa ito sa pakikipag-usap sa masa. Pagpapaliwanag sa tunay na katangian ng eleksiyon bilang 'paligsahan' ng mga naghaharing uri. Pangalawa, ang paggamit sa eleksiyon bilang pagkakataon para makinabang ang rebolusyon."

Sa madla sa lungsod, mas kilala ang patakaran ng NPA (New People's Army) bilang permit to campaign o PTC. Para sa AFP (Armed Forces of the Philippines), isang paraan ito ng "pangingikil" diumano sa mga pulitiko at negosyante na panustos ng isang kilusang naglalayong pabagsakin ang gobyerno. Nitong nakaraang halalang 2004, ikinampanya na rin ng grupong Akbayan ang paglaban sa PTC. Inireklamo nila ang naturang gawain, laluna't hindi sila makapangampanya sa mga lugar ng NPA dahil ayaw nilang humingi ng "permiso" at binabansagan silang persona non grata (hindi katanggap-tanggap) sa naturang mga lugar.

Ngunit kung tutuusin, ayon kay Sergio, ang PTC ay isang paraan lamang ng pagpapakita ng pampulitikang kapangyarihan ng kilusan. "Tuwing eleksiyon, ang nais lamang ng mga pulitiko ay gamitin ang boto ng organisado



# Ang PTC AT ANG

## 'NAGBABAGONG KULTURA'

NG

## HALALAN

## sa bansa

KENNETH ROLAND A. GUDA



nating masa. Kaya nga, isang paraan ang PTC ng pagprotekta sa ating kinikilusang mga mamamayan mula sa pagsasamantala ng mga pulitiko."

Tumampok sa publiko ang PTC bilang paraan ng "pagbubuwis" sa mga kandidato ng NPA. Pero para kay Sergio, mas higit pa rito ang PTC. Sa pakikipag-usap sa mga pulitiko, patakaran ng NPA na alamin muna ang bakgawnd nila: Ano ang paninindigan nila sa mga isyu (mula mga usaping pambansa, tulad ng Charter Change, hanggang sa mga usaping lokal, tulad ng pagmimina sa Matnog, Sorsogon). "Binabalikan din namin ang mga nagdaang pahayag nila: Nagsabi ba sila ng masama at hindi totoo hinggil sa kilusan at rebolusyon? Pumabor ba sila sa militarisasyon? Mahalaga ito sa aming panimulang pagsusuri sa paninindigan ng mga pulitiko," ani Sergio.

"May mga pagkakataong sa panimulang pagsusuri pa lamang, batid na namin ang pagiging sagad-sagaring reaksiyunaryo at militarista ng isang pulitiko. Kapag nangyayari ito, idinedeklara agad namin siya bilang persona non-grata."

Paliwanag pa ni Sergio, walang katotohanan ang balitang ikinakalat ng AFP na nangongolekta ang NPA ng bayad para sa permit to win, bukod sa PTC. Aniya, hindi-hindi ginagawa ng NPA na mangampanya sa kanilang "baseng masa" para sa isang kandidato. Hindi sila lalahok sa ehersisyo ng halalan sa ganoong paraan. Ang PTC ay para lamang sa pagpasok ng mga kandidato sa teritoryo ng NPA, hindi garantiya na iendorso o ikakampanya ng mga rebelde ang mga kandidato.

### *Maayos na pakikipag-usap'*

**G**INAGAWA ANG PAGKAUSAP SA pulitiko sa mismong sonang gerilya ng NPA. Mismong mga kandidato ang kumakausap sa mga emisaryong tulad ni Sergio. "Malaking bahagi ng pag-uusap ang hinggil sa mga paninindigan niya," ani Sergio. Pagdating sa usapin ng bayad upang makapangampanya, bukas ang NPA sa negosasyon.

"May general rates tayo sa bawat posisyon, pero bukas na bukas ito sa negosasyon," paliwanag ng rebelde. "Kung wala talagang

pambayad, hindi natin pinipilit. Ang nangungunang layunin natin ay makabig sila sa pulitika." Tatal, madali lang naman umanong malaman ng NPA kung may kakayahan nga ang sinumang pulitiko na magbayad: pampublikong kaalaman ang kabuhayan niya, mga pag-aari, mga koneksiyon.

"Minsan, kapag walang pera, tinuturuan pa naming dumiskarte. Halimbawa, kung wala siyang personal na pondo, pinapayuhan naming kumuha ng pondo sa kanyang partido. Tatal, di naman niya pera iyon. Madalas na perang kinurakot iyon," sabi pa ni Sergio. Kalimitang payo ito ng NPA sa mga kandidatong sinusuportahan ng malalaking partidong tulad ng Lakas ng Lakas, Nationalist People's Coalition, LDP, atbp.

"Sa negosasyon, pagkakataon din para hikayatin natin sila na tumindig nang progresibo at maka-mamamayan sa mga isyu," dagdag pa ni Sergio.

Ikinuwento pa niya ang tungkol sa isang kandidato sa Sorsogon na dating opisyal ng militar. Dahil sa pagiging sagad-sagaring pasista noong aktibo siya sa militar, STK (shoot to kill) ang istatus niya sa NPA. Pero nang maging pulitiko na siya at nakiusap sa mga rebelde, iminungkahi ng NPA na humingi siya ng tawad sa publiko sa mga krimen niya noong militar pa siya. Dahil sumunod naman siya, iniatras ng NPA ang sentensiya sa kanya. Ngayon, ang retiradong opisyal-militar na naging pulitiko ay nakikipagnegosasyon para sa permisong makangampanya sa mga teritoryo ng mga dati niyang kalabang mortal.

May ilang tagubilin ang mga rebelde sa pagpasok ng mga kandidato sa teritoryo nila: Bawal manira sa kilusan; bawal mag-espiya; huwag na huwag manakot ng masa; at mahigpit na ipinagbabawal ang pagpasok ng armadong mga goon. Puwede lang umanong magpasok ng bodyguard para sa sariling proteksiyon, pero di para manakot ng botante. Pati ang baril ng mga bodyguard ay kailangang irehistro sa NPA.

Sa mga nabibigyan ng permiso, ani Sergio, patuloy ang pagmonitor ng NPA sa kanilang kampanya. Matapos ang halalan, tuloy pa rin ang pagsubaybay ng mga rebelde sa mga pulitiko: Tinupad ba nila ang mga ipinangako noong negosasyon? Naging mas progresibo ba sila sa mga isyu? Itinigil ba nila ang mga gawaing nakakasama sa mga mamamayan?

"Nagbabago ang istatus ng mga pulitiko sa mata ng NPA, depende sa kung paano nila tinutupad ang kanilang mga pangako. Kung sa panahon ng eleksiyon ay nakakuha sila ng permiso para mangampanya sa teritoryo ng kilusan, pero naging militarista pagkatapos, makakaapekto iyon sa pagkuha nila ng permiso sa susunod na halalan," paliwanag pa ni Sergio.

Para kay Sergio, malaki ang naitutulong ng PTC sa pagbabago sa kultura ng pulitika sa Sorsogon magmula nang unang ipatupad ang patakaran noong 1995. "Sa karanasan namin, bumuti ang ilang pulitiko matapos makipag-usap sa NPA.

Naniyutralisa ang ilang sagad-sagaring kontra-rebolusyon. Marami rin ang nahatak sa mas progresibong mga paninindigan... Ngunit sa kabuuan, hindi natin iniaasa sa eleksiyon ang pagbabago ng lipunan. Ang importante ay patuloy tayong nagpapalawak. Kahit sa mga miyembro ng naghaharing uri, nagsisikap tayong manghikayat."

## 'Walang aamin'

**H**INIHAKAYAT NG AFP (ARMED FORCES of the Philippines) ang mga kandidato na huwag magbayad ng PTC sa NPA. Noong Enero, bago magsimula ang kampanya sa pambansang halalan, sinabi ni AFP Chief of Staff Hermogenes Esperon, mistulang pagsuporta sa pagpapabagsak ng gobyerno ang PTC, kung kaya binabalaan niya ang mga pulitiko na mananagot sila sa batas kung patuloy na magbabayad sa mga rebelde.

"Hindi tayo tapat nagbabayad ng buwis sa isang armadong grupo na nais mangikil ng pera sa taumbayan, sa mga kandidato. Nananawagan ako sa mga kandidato na huwag magbayad ng campaign fees sa NPA," pahayag ni Esperon.

Noong nakaraang buwan, ibinunyag ni Capt. Lowen Gil Marquez, kumander ng Civil Relations Unit ng AFP sa Kabikulan, na nakakuha diumano sila ng mga dokumento ng CPP na naglalaman ng lista ng mga pulitiko na nagbayad diumano ng PTC. Nakuha diumano ang mga dokumento sa mga engkuwentro sa NPA sa Camarines Sur at Sorsogon.

Ayon kay Marquez, nilalaman rin diumano ng isang dokumento, na pinamagatang "Election 2007, CPP-NPA-NDF Perspective" ang mga sinusupportahang kandidato at grupong party-list ng NDFP (National Democratic Front of the Philippines) at ng konsultant nito na si Prop. Jose Maria Sison.

